

Kilalanin si Camila!


# Pagsunod kay Jesus sa Dominican Republic

## Paano Sinusunod ni Camila si Jesus

Sinusunod ni Camila si Jesucristo sa pamamagitan ng pagsampalataya sa mahihirap na panahon. Nang magdiborsyo ang kanyang mga magulang, nalungkot si Camila. Bumaling siya sa Ama sa Langit, at tinulungan Niya siyang makadama ng kapanatagan. "Nagpakita Siya sa akin ng pagmamahal noong panahong iyon," sabi ni Camila.

Gustung-gusto ring basahin ni Camila ang kanyang mga banal na kasulatan. "Pinagaganda nito ang pakiramdam ko at natututo ako ng mga bagay-bagay," sabi ni Camila. "Tinutulungan ako ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan na matutuhan ang tama sa mali." Gusto ni Camila na magbasa ng mga banal na kasulatan para sa home evening kasama ang kanyang lola. ●





### Maaari Ka ring Sumunod kay Jesus!

Ano ang isang bagay na nagawa mo para masunod si Jesus? Isulat at ikuwento sa amin! Pumunta sa pabalat sa likod para makita kung paano.




## Tungkol kay Camila

**EDAD:** 10

**MULA SA:** National District, Dominican Republic

**MGA WIKA:** Spanish, English

**MGA MITHIIN:** 1) Pumasok sa templo. 2) Magbasa ng mga banal na kasulatan nang mas madalas.

**MGA LIBANGAN:** Paglalaro, paglangoy, at pag-aaral ng mga bagong bagay

**PAMILYA:** Camila, Inay, Itay, ate, nakababatang kapatid na lalaki, aso

## Mga Paborito ni Camila

**KUWENTO SA AKLAT NI MORMON:** Ang panaginip ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay (tingnan sa 1 Nephi 8)

**HOLIDAY:** Pasko

**PRUTAS AT GULAY:** Strawberry at pipino

**KULAY:** Pink

**AWITIN SA PRIMARY:** "The Sixth Article of Faith" (*Children's Songbook*, 126)